# LUKLOK SA KARURUKAN:
## PAGSASABANTAYOG KAY RIZAL
## 1897-1907

NILO S. OCAMPO

Sa Kapistahan ni Rizal
Na Martir ng Bagumbayan
Lahat ay nagsipagdiwang,
Pati na dating kaaway
Na malaon ding nanghunghang

Lahat ay nagbigay puri
Bawat isa ay nagsabing
Si Rizal nating Bayani,
Ay nanupad at nag-iwi
Ng tungkol gawang mabuti.

Ngunit wala ba riyang
Kaaway si Pepe Rizal
At kaaway nitong bayan?
Mayroon: yaong aayaw
Sumunod sa kanyang aral.

Lipangero, *Tuso at Dungo*, **Lipag Kalabaw**, 2 Abril 1909
(Iñiego 2004)

Bayaning-bayani ang taga-Kalambang Jose P. Rizal, at nakatungtong siya sa natatanging pedestal, litaw na katunayan ito sa lipunang Pilipino sa ika-20 dantaon. Napakatingkad ng pagpapahalaga ng kanyang mga kababayan sa sari-saring paraan, gayundin ng mga dayuhan mula sa iba't

ibang dako. Patuloy na isinusulat ang kanyang talambuhay at muling inilalathala at isinasalin ang kanyang mga akda, lalo na ang *Noli, Fili,* at "Mi Ultimo Adios" bilang panahunang pagtatangka sa mas buong pagkakilala. Kasabay nito, isang dantaon na salansan ng mga materyal (talumpati, publikasyon, pananagisag, ritwal, organisasyon, atbp.) tungkol sa kanyang impluwensya at pamana ang malawak nang nailatag at nanghihingi ng karampatang lagom; sa pagkakataong ito, sa naunang sampung taon.

## Kintal Sa Aming Puso

Tinitingala na siya bago pa mamatay, napatunayang isang walang-pagod na propagandista, nakikinitang tagapagligtas, hanggang maituring na ngang inspirasyon ng paghihimagsik. Balita ng kababayang M. Elejorde noong 26 Mayo 1889 (Epistolario Rizalino):

> … Ay! Jose ang mga tauo rine ualang ibang itinatanong at inaasahan cunde icao, ang lalong cahirap hirapan na mga taga bundoc nagtatanong sa aquin ng iyong pag ooi, tila umaasang icalauang Josue na mag liligtas ng caralitaan; ang mga bayao mo inalsan na ng mga buquid at ang dineg copa aalsan din ang mga partido mo, ang capatid co ay binulas na, na tila inaanta'i, mo si D. Jose at aayao cang magbayad ng buis, totoong mababangis.

Pahatid naman ng kaibigang Ildefonso Laurel noong 3 Set. 1892:

> … *El pueblo con el estado de animo excitado, siempre confia en Vd.. como su redentor y salvador*. (Hindi mapakali ang taongbayan, lagi ka na lang tinatawag-tawag na kanilang manunubos at tagapagligtas).

Sa pagpaplano ng panghihimagsik ng Katipunan, napagpasyahang "isangguni muna kay Dr. Jose Rizal, ang alin mang pagkakasunduan sa pulong bago pagtibayin" (Alvarez 1998: 248), kaya na nga isinugo si Pio Valenzuela sa Dapitan. Itinuring siyang pangulong pandangal; nakasabit ang kanyang larawan sa mga bahay-pulungan. Sa wakas ng mga pagtitipon, mabunying isinisigaw ang "Mabuhay ang Pilipinas! Mabuhay ang Kalayaan! Mabuhay si Dr. Jose Rizal! Kamatayan sa Mang-aapi!" (de la Costa 1961: 108).

Isa sa mga unang salaysay ang sa kalihim ni Aguinaldo na si Carlos Ronquillo, nagsulat ng kanyang mga gunita sa Hong Kong noong 1898 (Medina, I. 1996:376-82) at halimbawa pa ito kung paano na lang pinahahalagahan ang bayani. Ibinalita sa kanila noong Disyembre 27 na babarilin nga "ang paraluman ng katagalugan," isa sa mga masidhi niyang paglalarawan kay Rizal, at umusbong ang

> … isang pagnanasang hibang na siya ay agawin!… agawin sa kuko niyaong mga ganid at ipagtirikan sa kanilang dibdib na may pusong-prayle ang sundang na matayad ng paghihiganti.

Masimbuyo't mapanliyad ang salaysay ni Ronquillo, nagsisikap magagap ang bumabalot sa kapaligiran .

> … Oh! Sa mga araw na yaon … anong luksang dili-dili, anong pait na damdamin at anong saklap na gunita ang sumaisip sa puso ng Katagalugan! Anong pangingilabot sa kasuklam-suklam na gawing ganid ni Polavieja!

Hindi na natuloy ang balak mangligtas, at dinala ang kondenado na "walang-bahid panglaw at hinagpis sa Bagumbayang bantog na bibitayan."

> … Nalugmok na si Rizal, upang kailanman ay huwag nang magbangon, at umakyat na nga ang